

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Sinusuportahan ng Lungsod ang curbside pickup para sa mga negosyo sa Downtown Brampton**

BRAMPTON, ON (Hulyo, 2020) – Sa linggo na ito, pinapasimulan ng Lungsod ng Brampton ang bagong mga parking zone ng curbside pickup sa downtown para makatulong na suportahan ang mga lokal na negosyo at mga residente.

Habang nag-a-adjust ang mga negosyo sa mga epekto ng COVID-19 at inilipat ang kanilang mga alok online, ang curbside pickup at paghahatid ay hinikayat para makatulong sa pagprotekta ng kalusugan at kaligtasan ng mga customer at ng komunidad.

Kinikilala ang tumaas na demand para sa pagparada sa downtown at sa pakikipagkonsulta sa Downtown Brampton Business Improvement Association (BIA), inaprubahan ng Lungsod ang “Loading Zones” na gagamitin din bilang curbside pickup parking sa pagsisikap na panatilihin ang mga negosyo, customer at residente. Para itayo ang kamalayan, ang karatula ay inistala para tukuyin kung saang mga lugar ang gagamitin para sa 15 minutong parking spaces ng curbside pickup. Kabilang sa mga lokasyon ang:

- 46 Queen St. East
- 12 Queen St. East
- Main St. North - Garden Square
- Main St. North - Vivian Lane
- 24 Main St. South
- 74 Queen St. West

Sa buong tugon nito sa COVID-19, ipinapakilala ng Lungsod ang mga pamamaraan para makatulong sa pagsuporta sa mga lokal na negosyo sa kanilang pagbangon at tiyakin na ligtas silang nagpapakabo:

- Sa Mayo 13, [Inaprubahan ng Konseho ang Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) bilang framework para umabante ang Lungsod sa muling pagpapasimula ng lokal na ekonomiya.
- SA Mayo 20, ang [Lungsod ng Brampton ay naglunsad ng kampanyang “Suportahan ang Lokal”](#) para hikayatin ang mga residente na Mamili, Kumain, Magregalo at Suportahan ang Lokal.
- Sa Mayo 29, ang Brampton ay kasama sa unang mga munisipalidad sa Canada na nag-anunsyo sa paglahok nito sa [programang ShopHERE](#).
- Sa Hunyo 24, [inilunsad ng Lungsod ang programa nitong Patio Brampton](#) para i-enable ang mga restawran at bar nito na palakihin ang kanilang mga bakuran at panatilihin ang paglayo mula sa iba sa labas. Sa pamamagitan ng programang Patio Brampton, mas maraming residente ang nagawang makalabas para mag-enjoy sa klima ng summer, at suportahan ang mga lokal na negosyo. Hanggang ngayon, 38 aplikasyon ang naaprubahan sa pamamagitan ng programang Patio Brampton.

**Mga Quote**

“Ginagawa natin ang lahat ng magagawa para suportahan ang ating lokal na mga negosyo sa buong pandemic, at ang bagong mga parking zone ng curbside pickup na ito ay mas magpapadali para ang mga customer ay ligtas na mamili sa kanilang paboritong lokal na negosyo. Magpatuloy tayong lahat sa Pagsuporta sa Lokal at tulungan ang ating komunidad at ekonomiya na bumangon mula sa mga nakakahamon na mga panahong ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Task Force sa Suporta sa Ekonomiya ay mahigpit na nakikipagtulungan sa ating mga lugar na negosyo para makatulong sa kanila sa pag-navigate sa mga epekto ng COVID-19, at patuloy tayong maghahanap ng mga paraan para suportahan ang ating komunidad ng negosyo habang lumilipat tayo sa Yugto 3 ng muling pagbubukas at pagbangon ng lalawigan.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Co-lead, Task Force ng Suporta sa Ekonomiya; Lungsod ng Brampton*

“Ang mga parking zone ng curbside pickup ay ibang halimbawa ng mga hakbang na ginagawa natin para suportahan ang ating mga lokal na negosyo sa buong lungsod, Ang mga negosyong ito ay ang backbone ng ating komunidad at sila ay mahalagang parte ng ating ekonomiya. Ngayon, higit magpakailanman, mahalaga na Suportahan natin ang Lokal para makatulong sa pagbangon ng ating lungsod mula sa mga epekto ng COVID-19.”

- *Michael Palleschi, Rehiyonal na Konsehal, Wards 2 at 6; Co-lead, Task Force ng Suporta sa Ekonomiya; Lungsod ng Brampton*

“Sinaliksik ng Konseho at staff ng Lungsod ang inobatibo at ligtas na mga pamamaraan para makatulong sa pagsuporta sa aming mga lokal na negosyo habang tumutugon sila sa nagpapatuloy na mga epekto ng COVID-19. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikilahok sa ating mga lokal na komunidad ng negosyo at mga stakeholder, magpapatuloy tayo sa paghahanap ng mga bagong solusyon para suportahan ang ganap na pagbubukas at pagbangon ng Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Community Engagement  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)